

KIANKAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS**KUMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Hardin ng Rosas bukas para sa lahat

(346)

「春のバラ苑一般開放」

Muling ihahatid sa publiko ngayong tag-sibol ang “Rose Garden” kung saan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga boluntaryong mamamayan, namumulaklak ang may 1.2 ektaryang lupain na binubuo ng 533 klaseng rosas at tinatanyang may 4,700 na puno nito dito sa Ikuta Ryokuchi ng Tama ward. Ito ay maaaring mapanood sa ika-15 araw ng Mayo hanggang ika-8 araw ng Hunyo. Bukas sa oras ng alas 10 hanggang alas 4:30 ng hapon para sa pangkaraniwang araw. Sa araw ng Sabado, Linggo at pistang opisyal, ito ay bukas ng alas 9 hanggang alas 4:30. Maaaring pumasok sa entrans hanggang alas kwatro lamang, walang bayad, at bakasyon ito tuwing araw ng Lunes.

Upang makarating sa Ikuta Ryokuchi Rose Garden, 15 minutos kung lalakaran mula Shukugawara ng JR Nambu line o 12 minutos mula Mukogaoaka Yuen Odakyu Line.

Ikuta Ryokuchi Rose Garden ay matatawagan sa numerong 044-978-5270 o di kaya ay sa Kankyo Kyoku Ko-en Kanrika 044-200-2394.

Kawasaki Daishi Takigi Noh

「川崎大師薪能」

347

Magkakaroon ng natatanging pagtatanghal ng NOH sa ika-27 ng buwan ng Mayo (Martes) sa Templo ng Kawasaki Daishi Heikenji. Simula pa sa kapanahunan ng EDO, ang NOH ay isa nang alamat kung saan ang mga kwento noong sinauna hanggang sa kasalukuyan ay mabuting ipinagsalin at naipamana na sa mga Hapon. Bubuhaying muli sa pamamagitan ng mga takigi o apoy galing sa punong kahoy ang madramang pagtatanghal na ito. Ang Kawasaki Daishi Takigi Noh ay bahagi na ng tradisyonal na kultura ng Hapon. Ang pagtatanghal ay magsisimula sa 5:30 ng hapon ng May 27. Ang tiket ay mabibili ng 3000yen sa pamamagitan ng pagtawag sa Kawasaki Noh Gakudo 044-222-7995. Para sa detalyadong impormasyon, tumawag sa 044-200-2327 Economic and labor Affairs Bureau, Commerce and Tourism Division.

BUY Kawasaki Festival

[BUY 川崎フェスティバル]

348


Ang ika-12 anibersaryo ng pagtatanghal ng BUY KAWASAKI FESTIVAL ay idaraos sa ika-31 ng Mayo sa JR Musashi Mizonokuchi sa harap ng tiketang hanggang sa Pedestrian Deck mula alas 10 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon. Bukod sa mga produktong kilala sa Kawasaki tulad ng cakes hanggang sa mga traditional folk crafts ay nandito kasama ang entablado ng pagtatanghal ng mga musikero para sa lahat. Kung kayo ay may katanungan, tumawag lamang sa Keisai Rodo Kyoku Kikaku ka 044-200-2337.

Libreng impormasyon pang-medikal sa Asao

外国人への無料医療情報

Ang Asao Foreigners Medical Information Helpline ay itinatag ng Asao ku chiiki shinkouka kung saan ang mga boluntaryo ay nagbibigay ng libreng serbisyo tungkol sa impormasyong pang medikal. Ito ay magsisilbi sa mga dayuhang mamamayang malapit sa Asao tulad ng (Asao, Tama, Miyamae, Machida at Sagami-hara) Tuwing Lunes at Biyernes ika-10 hanggang ika-3 ng hapon sa mga wikang Ingles, Kastila at Intsik. Tumawag sa 044-951-6468. Mga temang maaaring ikonsulta ay: mga pagamutang malapit sa Asao ward, mga impormasyon ukol sa mga check-ups, bakuna at ng sistema ng pagpapagamot at insyurans ng Japan atbp.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid —Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Libreng konsultasyong pang-legal!

Iskedyul sa **Kawasaki International Center** tuwing ikatlong Linggo ng bawat buwan.

Ika- 13 ng Hulyo

Ika-19 ng Oktubre

Ika-17 ng Agosto

Ika-16 ng Nobyembre

Ika-21 ng Septyembre

Ika-21 ng Disyembre

Consulting Services for Foreigners on Visa and Others (Free of Charge)

Gyouseishoshi Lawyer Organization is offering the consulting services for foreign residents as the followings. Please feel free to come and consult what you are worrying about now.

Contents of Consultation: Visa problem, Extending period of Stay, Changing status of residence, Naturalization, Permanent visa, Long Term resident visa, Certificate of eligibility, International marriage/divorce, Extraordinary permit of residence by minister of Justice, Establishing a company/branch of foreign company, getting licenses for business, etc.

Date & Time: 3rd Sunday from 2:00pm-4:00pm

Place: Kawasaki International Center

Please call 044-955-6657 (Urata Office) or 044-811-2436(Takeshita Office) for further information.



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/